

# I

Isang uwak na itim ang lumipad sa alapaap at dumapo sa tuktok ng *Isetann* sa Recto. Abala ang Kamaynilaan at mukhang ang uwak lang ang nakakaamoy na mayamaya ay may mangyayaring aksidente sa kalsada. Siguro nga likas na sa ibon ang makaamoy ng paparating na kamatayan dahil mga scavengers sila at nagngangatngat ng bangkay.

Ang isang uwak ay nadagdagan ng tatlo pa. Lahat ng mga ibon ay napamasid sa dalawang lalaking nakaitim na roba at nakatayo sa riles ng *LRT* at nakatingin sa Quiapo Underpass sa ibaba. Kung may mga pasahero lang sa ibaba o mga tambay o tindero ng fishball na makakakita sa dalawa ay baka napasigaw na para humingi ng tulong para sa mga ito dahil ang tarik ng riles. Ngunit wala ni isang nakapansin sa mga lalaki kundi ang mga uwak lang.

Mukhang alam naman ng dalawa ang ginagawa dahil kompyansa ang mga ito na nakatayo at walang bakas ng takot na baka matangay ng hangin tulad ng itim na robang suot nila. Dumaan ang isang tren, ngunit ang mga lalaki ay walang kurap na tumingin lang sa ibaba kung saan dumadaan ang mga sasakyan.

Tinuro ng lalaking nakatirintas ang mahabang itim na buhok ang isang bughaw na motor sa malayo. Nakadikit iyon sa isang bus pa-Fairview. Hinanda naman ng kasama nito na may mas maiksing buhok ang kanang paa na may nilalarong bato sa riles ng *LRT*. Papababa ang motor sa underpass nang sinipa ng lalaki ang bato. Natamaan

niyon ang mata ng motorista kaya napaliko-liko. Hindi na nila nakita ang tagpo sa underpass, pero isang malaking alingawngaw ang pumuno sa lugar. Nagtakbuhan ang mga tao para dumungaw sa underpass at matingnan kung ano iyong malalakas na banggaan.

“Tumawag kayo ng ambulansya! Tumawag kayo!” sigaw ng karamihan dahil malubha ang salpukan sa ibaba. Isang bus ang bumundol sa isang jeep. Wasak ang jeep, ang bughaw na motor ay hindi na makita dahil nasa ilalim ng bus. Umiiyak ng tulong ang mga pasahero.

Ang dalawang lalaki sa riles ng LRT ay lumipat sa kabilang banda dahil mas kita roon ang tagpo. May nakikita silang apat na puting usok na papalipad pataas. Kulang! Ang sabi sa listahan ay lima ang dapat mapuputulan ng hininga sa kalsada. Mula sa riles ay tumalon sila pababa ng underpass. Hindi man lang gumewang ang mga ito. Naka-squat pagkababa pero parang sa mga pusa na tumayo pagkatapos. Lumapit sila sa bus kung saan nagmamadaling nagsisilabasan ang mga pasahero na hindi napuruhan sa salpukan. Naroon sa jeep ang mga pasaherong naliligo sa dugo. Sa bus, dalawa lang sa harap ang may tama, bukod sa driver na may tumutulong dugo mula sa noo nito. Base sa pagkaputla, nasiguro nilang ang huli ang kanilang susunduin, at mukhang nakikita na rin sila nito. Alam na ng lalaki ang kanilang pakay.

“Boss, may pamilya pa po ako,” pagmamakaawa ng driver. “Ang bata pa ng mga anak ko, boss. Parang awa n’yo na! Kailangan pa nila ako.”

Tinaas ng lalaking may mahabang buhok ang kamay nito para itakip sa noo ng driver. Wala na itong nagawa

kundi ang magbigay ng desperadong tingin. Alam na nitong katapusan na nito. Sa lenggwaheng langit lang ang makakaintindi, nagsambit ng orasyon ang lalaking nakaitim at pagkatapos ng isang minuto ay isang puting usok ang lumabas mula sa ilong ng driver. Tuluyan na itong namahinga.

Dahil nagawa na nila ang misyon ay bumaba ng bus ang dalawang lalaki at umakyat sa bakod pabalik sa kalsada sa itaas. Nakipagsalisihan sila sa mga estudyante at mga dayo na naglalakad sa Recto. Sa kanilang mga robang itim ay dapat pagtitinginan na sila, ngunit mas napansin pa ng mga naglalakad ang nakahubad na taong grasa roon, dahil hindi nakikita ng mga ordinaryong mata ang mga estranghero.

Dinerecho lang ng dalawa ang paglalakad. Nakasalubong pa ng mga ito ang isa ring lalaking nakarobang itim. Yumuko sila sa isa't isa. Kasamahan nila ito at sa Makati naman ang ruta. Siguradong kumuha lang ng listahan doon sa kanilang opisina.

Sa hilera ng mga tindahan na nakabakod sa Recto ay huminto sila sa *Balugdani Printing Press and Services*. Tulad ng mga karamihan ng puwesto, nag-aalok ang tindahan ng bookbinding, laminate, fake ID at diploma, notaryo at kung anu-ano pa. Nandoon ang napapanot na may-ari na may kung anong minamakinilya sa computer. Hindi na sila nagpaalam na dadaan dahil hindi naman sila nito nakikita. Dumerecho sila sa pintuan sa gilid at doon pumasok.

Isang mahinang kandelabra ang umiilaw sa malaking silid kung saan may gumigiling na malaking industrial na makina sa isang sulok. Wala na ring divider ang silid

dahil sa gitna ay isang mesa kung saan may name stand na MARCIEL CDIX, REGISTRAR OF RECORDS at sa gilid niyon ang isang maliit na printing press. Sa likod ng mesa ay estante ng libro, ganoon din sa kanan niyon. Sa gilid na nakaharap sa kalsada ay ang leather couch at side table na may mga lampara rin na nakabukas. Wala kasing bintana ang silid kaya kailangang ilawan.

Sa couch sila umupo para maghintay na asikasuhin ng isang lalaki na halos matakpan na ng mga libro na nakapatong sa mesa. Napansin nito ang kanilang pagpasok ngunit piniling tapusin muna ang sinusulat bago sila kausapin. Pagkatapos ng limang minuto ay ibinaba nito ang hawak na balahibo at tumingin sa kanila.

“Nagawa n’yo, Harud?”

“Oo,” sagot ng lalaking nakatirintas ang buhok. Kulay kayumanggi ito ngunit bughaw ang mata.

Nag-type ang registrar sa makalumang computer na nakasaksak sa makinang gumigiling. Inekisan nito ang data ng limang taong namatay kanina. Tumayo ito pagkatapos para mag-imprensa sa printing press sa gilid at inabot sa kanila pagkatapos ang dalawang papel.

Nang matanggap ang listahan ng kanilang mga susunduin ngayong buwan ay nagpaalam na sila. Siguradong lahat ng kalsada na madadaan nila ngayon ay babaha ng luha. Naalala pa nila ang kanilang pinakaunang listahan. Kagagaling nila sa karimlan noon nang hinatid dito sa opisina. Ang registrar na ang tumanggap sa kanila noon dahil isa ito sa mga pinakaunang anghel na binaba mula sa karimlan para mag-ayos ng serbisyo ng kamatayan ng mga mortal. Ang una nilang trabaho mula kay Marciel CDIX ay ang

pagsunog ng isang bahay-ampunan na pinapatakbo ng ordeng Augustinian sa Tondo noong panahon ng Kastila. Nilalang-langit man o tao ay mapapatakip ng tainga sa hiyaw ng mga walang muwang na bata na natupok sa apoy. Mapanglaw ang kanilang mukha nang bumalik sa opisina.

*“May pagpipilian ba tayo?”* tanong ng registrar noon sa boses na kasing-lamig ng bakal. Sa hindi na mabilang na kamatayan na nilista at ginawa nito, kahit pa siguro gunawin ang mundo ay wala na ring magiging epekto sa lalaki.

Notoryus ang resumé ni Marciel CDIX. Ito nga ang tumapos sa angkan ni Cain. Pagkatapos kasing patayin ni Cain si Abel ay tumakbo palayo ang panganay kasama ang isang kapatid nitong babae. Nagkaroon ang mga ito ng mga anak at mga kaapu-apuhan na nagpatayo ng mga siyudad at kaharian, pero hindi tulad ng mga apo ni Seth (ikatlong anak nina Adan at Eba) na hindi nawala sa aklat ng mga Hudyo—mula sa mga patriyarka hanggang kay Noe, Jose, David hanggang kay Hesus—wala nang narinig mula sa kaapu-apuhan ni Cain dahil inubos na ni Marciel CDIX. Ilang kaharian at kanayunan ang sinunog at dinelubyo ng huli para lang magawa ang inutos ng langit. Sabi pa nga ng isa pa nilang kasamahan, si Marciel din daw ang bumura ng kilalang mga siyudad ng kasalanan sa Bibliya—ang Sodoma at Gomora. Pinabahaan daw nito ng asido ang buong siyudad.

Nahihiwagaan nga sila kung bakit hanggang ngayon ay hindi ma-promote ang registrar. Ang mga kasamahan nitong anghel na binaba noong Tiyempo Antediluvian ay nakaakyat na lahat sa langit para mabigyan ng mas magandang trabaho. Ito na lang ang anghel sa grupo nito

na natitira rito sa lupa.

Pagkalabas nila ng opisina ay ang pamilyar na Recto na naman ang kanilang natunghayan. Nagsenyasan sila para makapagpaalam sa isa't isa dahil si Harud ay papunta ng Divisoria at may susunduing Intsik, habang si Asama ay papuntang Welcome Rotonda para sunduin ang isang taong-grasa doon na hindi nakakain nang isang linggo. Dito sa bandang Maynila ang ruta nilang dalawa. Kung wala sila sa mga ospital ay palabuy-laboy sila sa mga kalsada.

## II

Binilang ni Patty ang pera sa kanyang pitaka. Cincuenta pesos! Binilang niya uli sa pag-asa na baka nagkamali lang siya ng kuwenta sa kanyang huling pera. Isang beinte, tatlong lima, labing-dalawang piso at treseng beinte-cinco sentimos. Cincuenta at beinte-cinco sentimos pala!

*Nanaykupo! Paano na 'to?* Marami pa naman siyang pagkakagastusan para sa thesis niya. Graduating si Patty sa kursong Interior Design sa *UST*, at kailan ba hindi naging mahal ang mag-aral sa kolehiyo?

“I want your board of inspiration on Friday,” sabi ng professor sa harap ng klase habang inaayos ang gamit dahil tapos na ang klase.

Napasinghap si Patty habang chinecheck ang mga illustration boards kung saan nakadikit ang mga litrato ng mga ospital na gagawin niyang inspiration sa kanyang disenyo. Kailangan niyang ipa-ring bind ang limang illustration boards para maayos at hindi magkawalaan kapag ipinasa kay Ma'am Reda. Magsisimba siya ngayong Miyerkules sa Quiapo kaya mas maiging idaan niya iyon sa Recto para roon niya ipa-ring bind. Mas mura kasi roon at makakatipid siya.

Kasama si Mylene ay lumabas sila ng gate ng *UST*. Niyaya niya ang kaklase na samahan siyang pumunta ng Quiapo, kaso tinatamad na raw itong maglakad. Sa malapitan na lang daw ito magpapa-ring bind ng board of inspiration nito.

Mag-isa siyang umakyat sa overpass ng Morayta habang nakasukbit ang T-square sa likod. Kapag may papupuntahan si Patty sa malapit ay naglalakad lang siya para walang gastos sa pamasaha at exercise na rin. May puson kasi siya kaya palagi siyang naglalakad para mabawas-bawasan. Tinago niya nang maigi ang cellphone sa bag para hindi ma-snatch ng mga naglipanang kawatan dahil nasampolan na siya niyon minsan. Mahirap din kayang mawalan ng cellphone. Mabuti sana kung may pera siyang pambili ng bago. Halos wala na ngang maipadala ang tatay niya dahil bukod sa napeste ang kanilang manggahan ay nagkasakit pa ng cancer ang kanyang ina kaya apektado ang kanilang kabuhayan.

Dumaan siya sa harapan ng *FEU*. May nakita siyang nagbebenta ng mangga sa gilid. Huminto siya at bumili ng isang pisngi. Mapipigilan niya ang antok o kahit anong damdamin, pero hindi ang paglalaway niya sa mangga at bagoong. Cincuenta na nga lang ang pera niya at heto nabawasan pa ng sampu. Sana kumasya pang-ring bind ang tira.

“Kuya, dagdagan n’yo naman ang bagoong,” lambing ni Patty sa tindero. Dinagdagan naman nga nito ng kalahating kutsara.

Nagpasalamat siya bago ipinagpatuloy ang paglalakad papuntang Recto. Lumiko siya ng kanan sa *National Book Store* at huminto sa isang puwesto na punong-puno ng mga party invitations at tarpaulin printers. Marami ngang kostumer kaya nakisingit siya.

“Ate, magkano ring bind nito?” Tinaas niya ang dalang mga illustration boards.

“Cincuenta,” sagot ng tindera.



“Ate, tawad naman. Forty na lang.”

Umiling ito.

*Bruha!* sa isip niya bago naghanap ng ibang puwesto. Bilihan kasi ng mga secondhand na libro ang katabi kaya sa sumunod na tindahan siya pumasok—sa *Balugdani Printing Press and Services*. Kumpara sa kabila, mas maliit ang puwesto na ito at mukhang madumi dahil nagkalat ang mga papel at madungis ang sahig na may natatalupang vinyl. Pati ang printing press sa gilid ay nangingitim na sa langis at alikabok. Siguro makakatawad rito si Patty dahil hindi masyadong maraming kostumer, hindi tulad sa kabila. Kaso walang tao roon, pero nakaawang nang kaunti ang isang pintuan sa gilid. Doon na lang siya magtatanong.

Tinulak niya ang pintuan at nagkandahaba ang leeg nang isang malapad na silid na iniilawan ng mapusyaw na kandelabra ang kanyang natunghayan. Naagaw agad ang kanyang tingin ng isang malaking makina na gumigiling sa isang gilid, parang tarpaulin printer na mukhang gilingan ng mais. Basta malaki ito at may mga kadenang gumagalaw at nagki-crisscross sa isa’t isa. Sa gitna ng silid ay may isang mesa na may name stand na MARCIEL CDIX, REGISTRAR OF RECORDS. May nakaupo sa likuran ng mesa ngunit hindi niya makita dahil mataas ang mga libro na nakapatong sa mesa. Parang lalaki.

“Kuya!” tawag niya. “Magkano bookbinding n’yo?”

Walang sumagot, pero mayamaya ay may mahabang braso na lumabas sa mga nakapatong na libro at pagkatapos ay isang mukha.

*Kabonggang tindahan ‘to, kaguwapo ang tindero!*

Mestisuhin, medyo kamukha ni Josh Hartnett, mas rugged at matapang nga lang ang bakas ng mukha dahil

parang sa uwak kung makatitig. Sa haba ng braso nito, siguradong matangkad ang lalaki.

“Kuya, magkano po ang bookbind n’yo?” tanong uli ni Patty sabay pasok sa loob.

Hindi sumagot ang estranghero. Nahihiwagaang napatingin ito sa kanya. Na-conscious naman siya. May guwapong nakatingin kaya magpapa-cute na siya at saka tatawad.

“Kuya, limang illustration boards lang naman ‘tong papa-ring bind ko, oh. Puwedeng forty na lang?”

Wala pa ring lumabas na salita sa bibig ng lalaki. Tumitig lang sa kanya ang madidilim nitong mga mata.

*Parang iba na ‘to ah.* Parang hindi na siya komportable sa titig. Hindi na niya napigil ang bunganga na ibunghalit ang nasa utak niya.

“Kuya, baka naman ako mausog sa inyo?” At ngumiti siya para hindi ito ma-offend.

Noon naman gumalaw ang lalaki. Tumingin muna sa kung anong sinusulat bago nagsalita sa boses na halos hindi niya marinig. “Okay.”

“Ay talaga, Kuya?” natutuwa niyang sambit. “Okay lang ang forty! Salamat naman! Okay lang na iwan ko dito? Magsisimba pa kasi ako diyan sa Quiapo. Babalikan ko mamaya. Bukas pa ba kayo nang mga alas seis?”

Hindi ito sumagot.

“Kuya, bukas ba kayo mamayang alas seis?”

Parang napilitan na tumango ang lalaki.

Pinatong niya ang mga board niya sa leather couch.

“Balikan ko mamaya, Kuya, ha,” sabi niya bago bumalik sa pintuan. Hindi agad nakalabas si Patty dahil naagaw ang mga mata niya ng isang kakaibang orasan

sa itaas ng pinto. Malaki iyon at kakaiba ang nakalagay na mga simbolo, hindi letra o numero at hindi dose oras lang, kundi marami. Pagkatapos, may mga kamay iyon na lumilibot, sa kamay ay may mga araw at planeta.

Hindi na niya napigilan ang curiosity kaya napatانونg siya. “Kuya, ano ‘yan? Relo ba ‘yan?”

Tumingin lang din ang lalaki sa itinuro niya. Baka kaya pipi ito o may tililing o anumang?

“Alis na po ako,” paalam niya bago sinara ang pintuan.

Dumerecho ng lakad si Patty papuntang *Isetann*. Doon siya kumaliwa at dinerecho ang kalsada. Nadaanan nga niya ang *Ma Mon Luk* at pinapangako niya na sa susunod na magkapera siya ay hihigop siya ng sabaw at kakain ng siopao doon. Kaso baka hindi na mangyayari iyon ngayong taon.

Nadaanan niya rin ang tulay kung saan sa hagdan ay binebenta ang mga sex toys, sa tabi ng mga helmet. Sa tuwing napapadaan siya sa kalyeng iyon ay nagba-blush siya lalo nang makita niya ang pink na dambuhalang sex toy. Sa hirap ng buhay ngayon, kung anu-ano na lang ang napag-iisipang ibenta ng mga tao dito sa Quiapo. Pagkrus niya sa intersection kung saan lumiliko ang jeep na pa-Divisoria ay may kumindat sa kanyang matabang ginang.

“Miss, baka nangangailangan ka,” sabi nito habang itinuturo ang mga paninda na mga bato, hala-halaman, langis at cytotec na panglaglag.

Deadma lang si Patty. Dumerecho siya ng simbahan kung saan nag-uumpisa na ang misa. Tumayo siya sa gilid at nakinig sa pari. Namamanata kasi siya sa Itim na Nazareno at sa Mother of Perpetual Help para tulungan ng mga ito ang kanyang ina na gumaling sa sakit. Mabilis ang

pagkalat ng cancer cells sa kanyang Nanay Lita. Malakas naman ito at malusog pero nitong February lang ay biglang nanghina at nalaman na lang nilang malignant na ang brain tumor nito at delikado pa na operahan dahil may naiipit na mga importanteng ugat. Hanggang ngayon ay hindi pa rin nila matanggap-tanggap ang nangyayari sa ina. Sa dinami-rami ng puwedeng maging problema ay ito pa ang binigay sa kanila.

Kinurap-kurap ni Patty ang mga mata dahil may nagbabanta na namang tumulong luha mula roon.

Mga alas cinco y media natapos ang misa. Dumerecho agad siya sa *Balugdani Printing Press* at sa kanyang malaking pagkagulat ay sarado na ang tindahan gayong wala pa ngang alas seis. Ang mga katabi nitong puwesto ay labas-masok pa ang mga customers dahil bukas na bukas pa.

Pumasok siya sa katabing puwesto at nagtanong kung bakit sarado na ang *Balugdani Printing Press and Services*.

“Baka may pinuntahan lang si Mang Kanor kaya maagang nagsarado?” sabi ng tindera.

Nagpasalamat na lang siya. Bukas na lang niya dadaanan ang pina-ring bind. Hayaan na niya dahil sa Biyernes pa naman iyon ipapasa. Dumerecho na lang ng uwi si Patty at ginawa ang kanyang thesis.

# III

Kasama na ni Patty si Mylene na pumunta ng Recto para kunin ang pina-ring bind niya. Bukas na ang *Balugdani Printing Press and Services*, pero ang kinagulat ni Patty ay hindi na niya makita ang kahoy na pintuan na pinasukan niya nang nakaraang araw. Derechong naninilaw na pinta ang nandoon at may nakasabit na painting ng mga uwak na lumilipad sa alapaap.

“Mang Kanor, sigurado talaga akong may pintuan diyan kahapon,” sabi ni Patty sa matanda na may malaking tiyan at napapanot na ulo. Nakaka-distract nga lang ang buhok na lumalabas sa butas ng matangos nitong ilong.

“Eh, wala nga, Miss, oh! Walang pinto diyan!” sabi ni Mang Kanor.

“Baka ibang tindahan ang pinuntahan mo kahapon,” sabi ni Mylene.

“Hindi! Dito talaga ‘yon. Sigurado ako.” Tumingin siya sa may-ari ng puwesto. “Mang Kanor, paano na ‘to? Bukas ko na ‘yon ipapasa. Sabihin n’yo kasi sa lalaki na ibalik niya ‘yong mga illustration boards ko. Mahal kasi magpa-print ng isang picture sa isang coupon bond. Cuarenta rin isang page at wala na akong pera. Kailangang-kailangan ko po ‘yon para sa thesis ko.”

“Miss, wala talagang ibang tao dito kundi ako lang. May resibo ba na binigay ang lalaki?”

“Wala nga, eh.”

“Ngee!” sabi ni Myleen. “Bakit mo iniwan nang hindi ka humingi ng resibo?”

“Sino ba naman ang mag-aakalang mangyayari ito?”

Nakapuwesto naman dito, tapos mukhang matino naman ‘yung lalaki.”

“Hmm,” ani Myleen. “Excited pa naman akong makita siya dahil s’abi mo super guwapo. Loko pala!”

“Leche ngang gwapo ‘yan, nasilo ako!”

“Pasensya na, Miss. Kita mo namang walang pintuan diyan.” Bumalik na ang may-ari sa computer nito kung saan nakabukas ang template ng isang pekeng diploma.

Nagpaalam na lang sila at inisa-isa ang mga tindahan at baka makita niya pa ang kahoy na pintuan. Ngunit wala. Habang papauwi ng Sampaloc ay maluha-luhang nag-text si Patty sa ama. *“Tay, kelan n’yo po ako papadalhan? May problema kasi ako dito. Kailangan ko po ng pera.”*

Nag-text back naman ang ama. *“Sa Linggo pa ako, ‘Nak, makapadala. Sa Linggo pa kasi ako papautangin ni Pareng Didoy.”*

Hindi na siya naka-reply. Wala na talaga siya ni cinco kahit pambili ng pagkain. Patay-hiya na lang siyang humiram ng kahit isang daan sa kaklase. Mabuti na lang at may extra allowance si Mylene. Pinahiram siya nito. Bahala na ang problema niya sa inspiration board niya bukas. Kakausapin na lang niya ang adviser na kung puwede ay mapagbigyan siya hanggang Lunes.

Pagdating niya sa boarding house ay inumpisahan niyang iguhit sa tracing paper ang floor plan ng hospital habang nakikipag-text sa manliligaw niyang Engineering student. Alas tres na siya nakatulog.

Nagising si Patty mga alas siete y media ng umaga dahil alas nueve ang pasok nila. Alas ocho y media, habang bitbit ang T-square at duffel bag, ay naglakad na siya papuntang UST. Mine-memorize nga niya ang paliwanag na sasabihin kay Ma’am Reda kung bakit hindi siya makakapagpasa ng

inspiration board ngayong umaga. Sana maawa sa kanya ang adviser. Terror pa naman iyon. Naalala niya, noong nakaraang taon, ay may sinermonan ito sa klase dahil palaging late.

Naglalakad si Patty sa harapan ng charity ward ng *UST Hospital* nang may sumigaw.

“Patricia!”

Napalingon siya dahil pangalan niya iyon. Sa entrance ng charity ward, papalabas ang lalaki na binigyan niya ng mga illustration boards noong Miyerkules bitbit ang mga illustration boards na na-ring bind na. Nakakapa ito na itim na parang si Keanu Reeves sa *Matrix*. Hindi na niya pinansin ang get up dahil halos mapatalon siya sa tuwa.

“Kuya, mabuti naman! Patay talaga ako kay Ma’am Reda kung nagkataon!” sabi niya sabay tanggap sa boards na inaabot nito.

Ang tangkad ng lalaki, ni hindi siya umabot sa balikat nito. Parang may lahi itong Puti dahil matangos ang ilong at malalim ang mala-uwak na mga mata. Ang pinakanakakaagaw ng pansin ay ang tindig nito, parang sa hari ng mga sinaunang panahon; derecho ang likod at nakapostura ang balikat.

“Magkano ‘to, Kuya?” tanong niya.

“Never mind,” sagot nito sa boses na tulad pa rin ng dati na halos hindi niya marinig.

Nagbigay si Patty ng malapad na ngiti. “Salamat, Kuya, ha.” Nakalibre pa siya.

Hindi sinuklian ni tangkad ang ngiti niya. Tuminging lang ito sa kanya na parang nang-aalisa.

*Parang may tililing*, sa loob-loob niya. “Alis na ako. May pasok pa kasi. Salamat uli.” At mabilis siyang dumerecho sa side gate ng *UST*. Napalingon siya uli para magbigay ng

isa pang ngiti ngunit wala na sa kinakatayuan nito ang lalaki, mga estudyanteng naglalakad na lang ang nakita niya. Baka bumalik sa loob ng charity ward? Dinerecho na niya ang paglakad papunta sa side gate.

Pagdating niya sa kanilang klase ay pinakita niya kay Mylene ang ring binded na illustration boards niya.

“Sinabi mo ba sa kanya na halos mabaliw ka sa kakahanap?”

Napatawa si Patty. “Hindi na. Ang importante ay maipapasa ko ngayon ang boards. Sayang nga at hindi ko natanong ang exact address niya para kung may ipapagawa tayo, doon tayo dederecho. Mura kaya, guwapo pa!”

Nang mga sumunod na araw ay naging abala naman siya sa kagagawa ng kanyang thesis kaya nawala na rin sa isip niya ang lalaking taga-Recto. Pagdating ng Linggo ay sa *UST Chapel* na siya nagsimba dahil may pupuntahan silang shop sa Pasig nina Mylene at Jannah kung saan sila makakahingi ng swatches ng tiles na gagamitin nila para sa kanilang mga disenyo. Sa *UST* na sila magkikita-kita.

Pagka-Miyerkules ng sunod na linggo ay nandoon naman siya at muling napadaan ng Recto para makasimba sa Quiapo church. Napatigil siya sa labas ng *Balugdani Printing Press and Services* para tingnan muli ang dingding. Wala talagang pintuan doon.

Nahihiwagaan si Patty. Paano kaya nangyari iyon?

Tumingin siya sa kabilang puwesto. Kung may pintuan dito sa *Balugdani*, dapat may malaking silid sa kabilang puwesto, ngunit isang maliit na silid na 3x4 meters lang ang laki ang nandoon. At kita niya ang nasa loob ng silid dahil may salaming bintana. Naroon sa loob ang tarpaulin printer na pinapagana ng isang boy. Malaki ang napasukan niyang opisina sa pagkakatanda niya, parang 7x8 meters



ang laki.

Nahihiwagaang dumerecho na lang ng lakad si Patty papuntang simbahan ng Quiapo para sumimba. Pagkatapos ng misa ay dumerecho siya sa gilid ng simbahan para magtingin sa ukay-ukay.

Bumili siya roon ng isang T-shirt bago nagpasyang umuwi.

Pagdaan niya sa *Balugdani Printing Press* pabalik ay napatigil uli siya. Sakto naman na tumayo si Mang Kanor at lumabas para pumunta sa kabilang puwesto. Mabilis siyang lumapit sa naninilaw na dingding at kinudkod iyon. Baka kapag ginawa niya ay may lumabas mula roon. Nakudkod nga niya ang pinta ngunit walang lumabas na pintuan. Itinaas niya ang isang painting at tiningnan ang likod Plywood lang naman.

“Ano po ang kailangan n’yo, Miss?” Si Mang Kanor na nakabalik na pala. Nang lumingon siya, isang imbyernang tingin ang binigay sa kanya ng tindero nang malamang siya na naman ang bisita nito.

“Hinatifid po ng lalaki ang ring bind ko noong Biyernes. Gusto ko lang sanang magpasalamat uli.”

“Sige, kudkurin mo kung may mahanap ka diyan,” sarkastikong anang napapanot na tindero bago umupo sa harap ng computer nito.

May dumating na dalawang customer. Wala na siyang nagawa kundi ang umalis na lang.

Nasaan na kaya ang opisina ni ‘Josh Hartnett’?

Pagkatapos ma-print ang mga listahan ng mga mamamatay para sa buwan ng Hulyo at Setyembre ay nag-fax si Marciel ng mga listahan sa mga anghel niya na nakadestino sa malayo. Parang sa daga nga kung dumami

ang mga tao sa Pilipinas kaya sumulat siya sa main office nila sa Portugal para humingi ng dagdag na mga anghel. Kaliit na bansa pero umabot sa sandaang milyon ang populasyon. Kumpara sa ibang bansa, masyadong abala rito para sa mga kagaya nila. Hindi na talaga siya makaalis-alis sa upuan niya dahil sa sunud-sunod na talaan ng mga patay.

*“Mga akusado sa Valentine’s Day Bombing, hinatulan ng guilty ng korte suprema,”* sabi ni Korina Sanchez mula sa maliit na TV na nakasiksik sa isang estante.

Ayon sa makina, dapat apat ang mamamatay. Muntik ngang mabuhay ang isa kaya pinuntahan ng isa niyang anghel sa hospital at tinapos na rin iyong huli dahil parang mabubuhay pa habang nilalaban ng mga doktor. Oras na kasi nito at dapat na itong mamahinga.

Noon may kumatok sa pintuan. Napatigil si Marciel sa ginagawa. Nagulat siya noong isang araw nang biglang may pumasok na babae sa silid at kinausap siya. Ang totoo niyan, si Patricia ang ikalawang tao na nakapasok sa kuwartong iyon. Noong dekada sitenta ay may pumasok doon na matandang babae at binentahan siya ng kakanin. Sinabihan niyang wala siyang pera kaya lumabas na lang uli ang tindera at hindi na napabalik. Ngayon na lang uli na may taong nakakita ng pintuan.

Ang totoo niyan ay makikita naman sila ng tao kung gugustuhin nila, pero minsan, may mga tao talagang aksidenteng nabigyan ng mata ng kalikasan para makita ang mga bagay na hindi nakikita ng mga simpleng mata. Marami-rami na rin siyang nakilalang may mga mata, lalo na doon sa Middle East noong doon pa siya nadestino.

Tumayo siya uli at baka si Patricia na naman iyon. Dapat walang taong nakakaalam ng puwesto nila dahil

delikado. Kailangan nilang protektahan ang makina ng kamatayan. Binuksan ni Marciel ang pinto at limang lalaking nakaitim ang nasa labas ng pintuan.

“Pinapunta po kami dito ni Exziekel XXIXCFG,” sabi ng mga anghel. Sa pagod na hitsura, mukhang kagagaling lang ng mga ito sa karimlan. Halatang mababa ang mga enerhiya dahil sa ginawang paglalakbay papunta rito sa mundo.

Pinapasok niya ang mga lalaki at pinaupo sa couch. Binigyan niya ang mga ito ng papel para ipalista ang detalye ng pangalan, ng pagkaanghel, ng pinanggalingan sa karimlan. Nang pinasa sa kanya ang mga papel ay kumuha siya sa drawer ng mga mapa ng Pilipinas para iabot sa mga ito. Tinuro niya sa dalawang maiitim na lalaki na sa Sulu sila pupuwesto. Habang ang isang puting lahi na may itim na buhok ay sa Cavite dahil dumarami ang namamatay roon. Ang may pulang buhok ay sa Quezon City para alalayan doon si Gazparel XXCVGHJL.

Nang maiabot sa mga ito ang mga listahan ng mga susunduin ay sinenyasan na niyang maglargahan na ang mga anghel. Hindi sila ginawa para magpahinga, kundi ang sumundo kaya dapat gumalaw-galaw na. Kahit hindi niya turuan ang mga ito ay mararamdaman na ng mga anghel niya kung saan may tao na malapit nang mamatay. Ang enerhiya ng taong iyon ay napupuspos ilang araw bago mapugutan ng hininga.

May sobrang isang mapa pala siyang nakuha kaya binuksan ni Marciel ang drawer para ibalik iyon doon. Pagbukas ay nakita niya ang resume niyang ginawa para sana ipasa sa Portugal. Sa haba ng pagtatrabaho niya rito sa mundo, siguro oras na para i-promote siya ng mas magandang trabaho sa langit. Alam niyang

maraming pumipigil sa promosyon niya dahil marami siyang nasagasaan noong tinapos niya ang lipi ni Cain na tsinitsismis na anak ni Satanas, at hindi ni Adan. Marami kasi ang sa hanay nila na hindi sigurado kung kanino talaga kumakampi, kung sa puti ba o sa itim. Napolitika tuloy ang promosyon niya.

Dinampot ni Marciel ang naninilaw na resume at binasa muli. Ipapadala niya sana iyon noong nagdaang milenyo pa ngunit nagdalawang-isip siya. Takot kasi siya na baka maulit ang nangyari noon. Naalala niya pa ang pinakahuli niyang pagdulog sa komisyon. Nakatayo siya sa harapan ng daan-daang mga anghel nang binasahan na hindi aprubado ang kanyang promosyon. Kailan man ay hindi siya nakaramdam ng matinding pagkasadlak at panliliit sa sarili. Ang masahol pa, imbis na paupuin sa komisyon para konswelo na lang ay ginawa pa siyang registrar lang ng isang maliit na bansa. Pero dahil iyon ang desisyon ng organisasyon ay buong puso niya iyong tinanggap at ginawa ang trabaho nang maayos bilang registrar ng mga kamatayan dito sa Pilipinas. Siguro oras na para muling ipasa ang aplikasyon sa komisyon. Panahon na rin siguro para iwan niya ang bughaw na mundo.

Umalis si Marciel ng upuan, lumabas ng opisina at gumapang paakyat sa tuktok ng mataas na gusali sa harapan para matingnan ang Kamaynilaan. Naalala niyang may pinapasundo siyang janitor sa isang gusali sa Intramuros noong mga unang taon ng 1900's. Ang janitor na iyon ay hindi basta-basta mapatay ng anghel dahil parang gumagamit ng agimat. Siya na mismo ang sumundo at doon sa pinagtatrabahuhan ng janitor ginanap ang pagprisinta ng plano ni Burnham sa Manila. Isang napakagandang plano iyon kung saan ang mga estero ng

Kamaynilaan ay gagawing kalsada tulad ng sa Venice; marami pa ngang mga parke at vista ang naalala niya sa plano; at ang mga eskwelahan ay ilalagay sa matataas na lugar para iwas-baha. Ngunit nasayang lang ang plano ni Burnham dahil pagkatapos ng isang siglo ay mga limampung porsyento lang ang nasunod doon. Kung saan-saan lang nagsusulputan ang mga gusali.

Mula sa kinatatayuan ay tumalon si Marciel sa kabilang mas mababang gusali bago tumalon uli sa isang mas mataas pa. Ilang bubong din ang tinalunan niya bago niya nakita ang Ilog Pasig. Nakikita na niya ang post office sa malapit kaya bumaba siya at naglakad sa tulay ng Puente Colgante na humahati sa Quiapo at Ermita, nakisalisihan sa mga jeep bago narating ang Liwasang Bonifacio. Umakyat siya sa hagdanan sa harapan at pumasok sa gusali na dinisenyo nina Arellano at Mapua. Naalala niya lang ang dalawa dahil inanunsyo sa TV ang kamatayan ng mga ito. Malawak nga ang memorya niya. Naalala niya lahat ng pangalan na kanyang nailista.

Sa hilerang mga bintana ay lumapit siya kung saan pinapadala ang mga international na sulat. Nilabas niya ang envelope na ipapadala sa Portugal at binayaran ang stamps sa matabang ginang na mukhang tinatamad sa araw-araw na pagtanggap nito ng sulat. Nang matanggap ang resibo ay nagpasya na siyang bumalik ng opisina para maipagpatuloy ang naiwang trabaho. Naglalakad siya sa labas nang may naramdaman siyang kakaibang enerhiya. Hindi ito tipikal na enerhiya na nararamdaman sa isang mortal na nilalang o tipikal na anghel. Napakalakas niyon at nanindig ang mga balahibo niya sa nararamdaman. Kapag ganito kalakas, ibig sabihin nasa malapit lang ang isang mataas na uri ng anghel galing langit, o baka isang

demonyo. Ano kaya ang pakay nito sa Pilipinas?

Nag-iba siya ng direksyon. Imbis na lumabas ng gusali ay hinanap ni Marciel ang pintuan papasok sa mga opisina sa loob. Baka isa sa mga sulat na ilalabas ngayon ay nakapaloob ang isang kakaibang espirito. Tumpok-tumpok na mga sulat ang nasa loob, paano niya iyon maiisa-isa para tingnan kung saan namamayani ang kakaibang enerhiya?

May papalabas na kartero. Dinukot niya ang tiyan nito para himatayin ito. Nagtakbuhan naman ang mga kasamahan nito nang nakitang napahandusay ang kartero.

Habang nagkakagulo ang lahat ay hinablolot niya ang bag ng kartero at inisa-isang damhin ang mga sulat kung may mararamdaman siyang kakaiba roon. Wala naman.

Lumapit siya sa mga sulat at mabilis na hinaplos ng kamay ang mga sobre na sinasalansan sa isang mahabang mesa, ngunit wala doon. Nilibot niya ang tingin sa buong silid. Wala. Baka hindi dito banda.

Bumaba si Marciel ng hagdanan at mga palikuran ang natagpuan niya roon. Dinerecho niya ang isang pasilyo at nakalabas siya sa isang exit. Wala roon ang enerhiya. Bumalik siya sa taas at sa main lobby malapit sa entrance ay doon siya nakiramdam kung saan banda nanggagaling ang enerhiya. Ngunit hindi tulad kanina, humina ito hanggang sa tumigil.

Tumigil? Ano kaya 'yon? Saan galing? Ano naman kaya ang kailangan nito sa Pilipinas at dito pinadala?

## IV

July 2, 2004 ay pinadalhan si Patty ng dalawang libong piso ng pinsan niyang nagtrabaho sa Taiwan para bilhan niya raw ito ng mga Tagalog pocketbooks. Nagtrabaho bilang kasambay ang kanyang pinsan sa isang mansyon sa tuktok ng isang burol sa Taipei at nabuburo raw palagi dahil walang napupuntahan, kaya nagpapabili ng pocketbooks para may libangan. Pumunta siya sa *National Book Store* sa Recto at doon inubos ang isang libo sa pocketbooks. Ang limang daan daw ay para sa shipping at limang daan ay kanya na.

Nagdalang-isip siya kung sasakay ng jeep o maglalakad papuntang Liwasang Bonifacio, ngunit naka-flats naman siya at may payong kaya binaybay na niya ang daan papuntang Quiapo. Mainit nga rin ang alas tres ng hapon araw kaya hingal na siya pagdating ng Tulay de Colgante. Pero kitang-kita na ang post office kaya tiniis na lang niya. Bumili na lang siya ng softdrinks sa tindahan na malapit sa pilahan ng FX papuntang Cavite bago dumerecho sa *Manila Main Post Office*.

Papapila si Patty sa hilera ng international mail nang makita ang isang pamilyar na kapang itim sa lalaking nag-iisang nakapila roon.

*Parang kay Recto Boy ang mala-haring tindig, ah!*

Lalapit sana siya nang napalingon ang lalaki na para bang may tumawag dito at siyang hinahanap nito.

Akala nga ni Patty sa kanya ito mapapatingin ngunit napalampas ang mga mata. Tuminging ito sa mataas na

kisame at naghanap doon. Mayamaya ay nakita niya itong tumakbo habang nasa kisame pa rin ang mga mata.

Ano 'yon? napapabungisngis niyang tanong sa sarili. May problema ba ito sa pag-iisip? Huwag naman sana! Napahinto ang lalaki sa gitna ng lobby at ang sahig naman ang pinakiramdaman.

Dumerecho na lang si Patty sa mailing window para mapadala ang mga pocketbooks na kanyang binili. Pagkatapos mabayaran ang kanyang padala ay hinanap niya ang lalaki para tingnan kung ano ang sunod nitong gagawin. Pababa ito ng hagdan. Sinundan naman niya. Gusto niya kasi itong tsikahin.

Naalala niyang patong-patong ang mga ginagawa nito sa mesa. Baka makahanap siya ng sideline sa opisina nito. Marunong siyang gumamit ng *CorelDRAW*, *Photoshop*, *Flash*, *AutoCAD* at kayang-kaya niyang gayahin ang mga pekeng diploma at ID.

Pagbaba ng dalaga ay mga palikuran ang namataan niya. Baka nagwiwi. Matagal din siyang naghintay sa labas ngunit walang lumabas na nakakapang itim. Dinerecho na lang niya ang lobby at nakalabas siya sa isang hardin. Wala namang tao roon. Bumalik na lang siya sa hagdanan at muling umakyat sa ground floor. Doon nakita niyang papasok ng entrance ang lalaki. Nakalabas na pala ito.

Tumayo ang lalaki sa gitna at nilibot ang mga mata. Tumigil lang nang makita siya nitong papalapit.

“Kuya, nagkita na naman tayo,” sabi ni Patty sabay bigay ng malapad na ngiti. “Mukhang may hinahanap kayo?”

“May nararamdaman ka bang kakaiba, Patricia?” tanong nito sa nababahalang boses.



Napakunot ang noo niya. “Kakaiba? Parang wala naman?”

“Sigurado ka? Iyong parang kakaibang enerhiya na nagpapatayo ng balahibo mo?”

Napailing ang dalaga.

“Kanina napakalakas dito, pero nawala rin.”

Hindi niya alam kung ano ang isasagot sa sinabi ng lalaki. Tinanong na lang niya kung pauwi na ito. “Iisang daan lang naman tayo, Kuya, kaya sabay na tayo. Libre kita ng siopao doon sa *Ma Mon Luk*.”

“Kailangan na nating umalis dito,” anang lalaki sabay hatak sa braso niya.

Hindi na nakaimik si Patty nang kinaladkad siya nito palabas at pababa ng hagdanan ng post office. Lakad-takbo naman siya para sundan ang mabilis na lakad ng lalaki. Mahahaba ang mga biyas nito kaya malalaking hakbang ang nagagawa. Nang makarating sila ng simbahan ng Quiapo, noon lang binitiwang ng lalaki ang kanyang braso. Kumalma na rin ang mukha nito. Siguro hindi na nararamdaman ang sinasabing enerhiya. Tahimik silang naglakad hanggang sa dumating sila sa *Ma Mon Luk*.

“Gusto mong kumain, di ba?” tanong nito sabay hila sa kanya paloob ng restaurant kung saan may mga dambuhalang kawayang steamer na naka-display sa kusina banda. Luma na ang lugar pero maraming dumadayo roon dahil sa sarap ng siopao at mami. “Mag-order ka.”

“Ano ba’ng sa ‘yo, Kuya?”

Umiling ito. At pagkatapos ay kumuha ng pera sa balsa para iabot sa kanya. “Busog ako. Mag-order ka para sa sarili mo. Sasamahan lang kita sandali para makapag-isip

ng sunod kong gagawin.” Tumalikod ito para maghanap ng mesa para sa kanila.

Nag-order siya ng special mami at special siopao at Coke na rin. Lahat ng special dahil libre! Umupo siya sa harap ng lalaki pagkatapos para sa mesa na lang hintayin ang inorder. Nalaman niyang kapag sa malapitan ay mapusyaw na abo na may kaunting bughaw sa gilid ang kulay ng mga mata nito. At ang lalim na parang... parang hindi sa tao.

“Sigurado ka bang wala kang nararamdamang kakaiba sa post office kanina?” tanong uli ng lalaki.

Napailing si Patty. “Bakit, Kuya? Ano ba ang nandoon kanina?”

Ang kaharap naman ang napailing. Parang may ayaw itong sambitin.

“Ano po ba name mo?” tanong niya.

“Marciel.”

“Marquiell?” Grabe naman kasi ang diksyon ng lalaki. Mahina pa ang boses kaya di niya gets agad.

“Marciel,” ulit nito sa mas malakas na boses at sa Tagalog na tono.

Naalala nga niya ang name stand nito na may pangalang Marciel. Hindi na niya matandaan ang kasunod niyon. Kakaiba kasi. “Family name mo, Kuya?”

Hindi ito sumagot.

Iyon naman dumating ang pagkain niya. “Kuya, ayaw mo talagang kumain?”

Umiling ito.

Inumpisahan niyang higupin ang kanyang mami. Ang lalaki naman ay naging abala sa katitingin sa mga taong dumadaan sa labas. Iyon naman siya, nakahanap ng

tsansa na magtanung-tanong.

“Kuya, ano nga exactly ang address ng opisina n’yo?”

Tumingin sa kanya sandali ang lalaki, pero agad din nitong ibinalik ang mata sa labas. Parang kailangan niyang hawakan ang mga kilay para hindi tumaas. Hindi ba nito alam na hindi tamang hindi sumagot kapag tinatanong? Pero hayaan na niya dahil nilibre siya nito at kailangan niya ng trabaho. Ewan sa lalaking ito. Kanina, parang nabigla kaya naging bibo. Nang mabalik sa huwisyong ay balik sa pagiging tahimik uli.

“Kuya, tinatanong kita, Bakit kaya nawawala ang pintuan n’yo doon sa *Balugdani*?”

Ayaw nitong itigil ang kakatingin sa kalsada. Nagsasariling-mundo na naman.

“Kuya, panget ba ako? Bakit ayaw n’yong tumingin sa akin?”

Tumingin sa mukha ni Patty ang lalaki, ngunit agad ding binawi ang tingin. Mukhang di nito feel makipagtitigan. Parang nako-conscious.

Hindi mapigil ng dalaga ang sarili na magtanong pa. Malay niya at sumagot. “Kuya, may asawa ka na?”

Umiling ito.

“Ilang taon ka na ba, Kuya, at wala ka pa ring asawa? Hmm... May balak ba kayong maging matandang-binata? Malungkot ‘yan, Kuya.”

Walang reaksiyon ang lalaki. Para itong estatwa na tumingin lang sa labas. Walang kisapmata, walang hinga-hinga.

“Kuya, gusto mo syota? May irereto ako. May pinsan ako sa probinsya na parang kaedad n’yo. Naghahanap iyon ng foreigner, eh, mukha naman kayong foreigner.” Hula

niya kasi parang nasa late twenties o early thirties ang edad ng lalaki. Mahirap tukuyin. Ang rugged nitong mukha at iyong matalinong awra ang nakakatanda rito.

Napatingin uli sa kanya ang lalaki. Walang mababasang emosyon sa mukha nito, basta nakatingin lang. Binigyan naman niya ito ng beautiful eyes. Gusto nga niyang tanungin kung may ekstrang patrabaho sa opisina nito, ngunit hindi naman niya alam kung ano ang sasabihin. Baka hindi ito sumagot at mapahiya lang si Patty. Pero wala siyang mapapala kapag hiya-hiya ang kanyang aatupagin. Ibubuka niya sana ang bibig nang tumayo bigla si Marciel.

“Andyan na naman ‘yong enerhiya!” Nilibot nito ang tingin bago tumingin sa kanya. “Pagkatapos mong kumain, Patricia, derecho ka agad ng uwi. Maiwan muna kita dahil may hahanapin lang ako.” Tumalilis na ito ng takbo.

Naiwan naman siyang nakatingin sa likod ng lalaki. Sayang! Marami pa kasi siyang pasakalye. Dapat tinanong na niya agad kung may extra trabaho ito na mabibigay sa kanya o dapat hiningi na niya ang number nito para makulit niya sa text.

Hindi bale, hahanapin na lang niya at kukulitin. Magaling naman siya sa kulitan, eh. ‘Yun ang forte niya.

Hindi napansin ng kartero na pagbaba nito ay may isang saligubang na lumipad mula sa bag ng mga sulat na dala nito. Lumipad iyon papunta sa rebulto ni Bonifacio para doon dumapo at magmanman sa paligid. Mainit ang sikat ng araw sa lugar na pinagdalan sa kanya at mukhang mahirap ang ekonomiya dahil may iilang tao na madungis at natutulog sa damuhan. Masyadong malayo

sa kahariang huli niyang tinirhan. Maganda naman ang gusali sa harap sa mga dorikong poste nito ngunit wala kung ikumpara sa mga palasyo at rebulto sa patag na may limang kaharian. Ang sabi ni Marubi XVIIID ay dito raw sa Pilipinas niya makikita ang pinakamortal niyang kaaway dahil dito ngayon nakadestino si Marciel CDIX, ang nagkulong sa kanya sa tansong kahon noong araw nang nagtuos sila sa Ilog Gihon matagal na panahon na ang nakakaraan. Wala man lang siyang nagawa sa mga kinasasakupan nang pinabahaan ni Marciel ng asido ang kanilang mga kaharian. Kung hindi lang siya pinalabas ni Marubi sa tansong kahon ay baka naubos niya ang walang hanggan doon.

Pero tingnan nga naman niya, pagkatapos ng mahabang panahon ay nagisnang niya muli ang lupa na si Marciel ay isa pa ring anghel ng kamatayan. Hindi man lang ito naitaas sa mababa nitong posisyon. At sabi nga ni Marubi, gagawin nito lahat para hinding-hindi makaakyat ng langit ang anghel ng kamatayan.

Lumipad ang salagubang sa isang puno, naging usok na puti hanggang sa may gumapang na maputlang daliri sa kahoy. Mayamaya ay may napakagandang mukha sa maputlang balat at maputlang buhok na lumabas sa puno. Lumiliyab ang berdeng mata habang nakatingin sa post office sa harapan. Doon sa hagdanan bumababa ang lalaking nakaitim ng kapa, kasama ang isang babae na may sukbit na T-square sa likod.

Sinundan niya ng tingin ang dalawa. Ang alam niya, hindi nakikita ng mga mortal na tao silang mga nilalang-langit, maliban na lang kung gustuhin nila. Sa kanyang tingin, parang nakikita ng babae si Marciel dahil nag-

uusap ang mga ito. Kanina ay hinanap siya ng anghel ng kamatayan. Mabuti na lang at nakalabas na ang kartero niya nang maramdaman siya. Siguradong sasabog ang buong lugar kung doon sila magtutuos ng lalaki. Mababang uri ng anghel si Marciel dahil anghel ng kamatayan lang ito, hindi tulad niya na noon pa man ay anghel na ng langit bago nahulog dahil kumampi siya kay Satanas, ngunit walang makakapasubali sa lakas ni Marciel.

Dati kapag may ipapakitil ang langit, si Marciel ang tinatawag. Noong binaha nito ng asido ang mga kaharian niya ay nayanig ang buong lupa.

Maitatago nila ang kanilang enerhiya kapag magkaroon sila ng pisikal na katawan ng hayop o tao. Pinipili nilang maghulma-hayop palagi dahil mas maliit at makakalipad. Hinulma niyang buwitre ang sarili at lumipad sa itaas ng Tulay Colgante para masundan ang dalawa nang hindi nahahalata ni Marciel. Pagkatapos ay naghulma uli siyang salagubang at dumapo sa beach umbrella na ginagamit ng nagtitinda ng mga dahon-dahon, langis, agimat at cytotec na pampalaglag. Doon siya nagmanman sa ginagawa ng dalawa sa labas habang nakikiramdam na rin sa paligid. Sa tanang oras na inilagi sa lupa, ngayon lang siya nakakita ng ganito kaitim na hangin. Nakakarindi. Malagkit sa pakiramdam. Ang masahol, nahulog pa siya sa beach umbrella dahil humalakhak ang tindera at dumadagundong ang paligid. At muntik pa siyang maapakan kung hindi lang siya nagmadaling gumapang.

Nakita niyang lumabas ng kainan si Marciel. Susundan niya sana ngunit mas mainam na ilayo niya muna ang sarili rito para mapag-aralan niya sa malayuan kung paano ito lupigin. Ang babae ang susundan niya dahil mukhang

may alam ito tungkol sa registrar.

Nagtagal pa ang babae sa mamihan bago ito lumabas. Sinunod din nito ang direksyon ni Marciel ngunit lumiko sa isang plaza sa kanan pagkatapos ay dumerecho sa maputik na eskinita kung saan may hilera ng walang hanggang tinda at tolda ng pagkain at mga damit.

Sa mga tolda siya dumapu-dapo para masundan ang babae. Huminto ito sa isang mesa at bumili ng dalandan. Pagbukas nito ng prutas ay tila kumalat sa lugar ang nakakabuhay na amoy ng citrus. Sa sarap ng ngiti nito habang kinakagat ang dalandan ay natiyak niyang matamis iyon.

Dinerecho ng babae ang paglakad at huminto sa bilihan ng mga alahas. Sa harap ng salamin ay sumukat-sukat ito ng hikaw. Maganda ang babae sa tipikal na Pilipinang ganda at itim na mahabang buhok. Mahaba ang leeg nito kaya nakakahalinang tingnan, lalo pa at balingkinitan ang katawan. Iba nga ang hitsura ng mga tao dito kumpara sa pinanggalingan niya sa Europa at sa malayong Asya kung saan matatangos ang ilong, dito sarat na parang sinuntok ng diyos. Mabuti na lang ang sa babae kahit papaano ay maliit ang ilong, ang sa tindera ay para talagang sinuntok.

Ang babae ay sumukat lang at hindi naman bumili kaya nakakamatay na tingin ang binigay ng tindera nang nakatalikod na ito. Lumiko ang estranghera at tumingin-tingin ng mga paninda ng iba. Bumili lang ito ng tali at bumalik na rin sa simbahan. Doon sila muling lumiko bago dinerecho ng babae ang daan pauwi. Malayu-layo rin ang nilakad nito bago narating ang lumang bahay na gawa sa semento ang baba at kahoy sa taas.

## V

Gusto ni Patty na makulay ang hospital niya kaya nilagyan niya ng sky blue at pale yellow na pinta ang kanyang disenyo sa mga private rooms ng kanyang thesis. Ayaw niya ng madilim at mabigat dahil masayahin naman siyang tao kahit malaki ang problema niya ngayon sa pera. Kung mag-jo-joke ang nag-iisang lalaki sa klase nilang apatnapung babae ay labas tonsil din siyang tatawa.

Napagod siya sa buong maghaponng pagpinta ng perspective, pero parang batang bibo siya na nag-ayos ng gamit dahil pupunta siyang Recto ngayon para hanapin si Recto Boy at tanungin tungkol sa trabaho. Patay siyang dyosa kasi siya! Wala siyang kakainin bukas dahil beinte na lang ang natira sa pera niya.

Pagdating ni Patty sa *Balugdani Printing Press and Services* ay naabutan niya si Mang Kanor na abala sa pagkausap sa customer kaya mabilis siyang dumerecho sa paglalakad para hindi makita ng may-ari. Tumambay siya sa tindahan ng mga secondhand na libro at doon siya nagbasa-basa. Mabuti naman at mayamaya ay nakita niyang naglalakad sa harap ng kinatatayuan niya ang may-ari ng *Balugdani* kaya walang tao ang puwesto nito ngayon. Mabilis siyang tumakbo roon at tumayo sa paintings ng mga uwak. Malay niya at baka may magic words o baka may pipindutin siya para magpakita ang pintuan. Tinaas niya ang paintings at sinilip uli sa likod. Plywood uli pero meron siyang nakita na hindi niya napansin dati dahil hindi niya itinaas nang husto ang painting. Sa itaas banda ay may nakasulat na hindi maintindihang lenggwahe, baka



Latin. *Intra Hec Angelus Mortis.*

Kinuha niya ang cellphone at kinopya. Mamaya isearch niya iyon sa Internet. Binaba niya ang painting at tumingin sa isang pinto sa gitna. Baka may iba pang pintuan. Pumasok siya doon at isang kusina na may tambak na hugasin ang kanyang nabungaran. Sa kaliwa ay may isang pintuan pa. Dahil sa gitna ito tulad ng pintuang napasukan niya minsan, ibig sabihin, papasok din ito sa opisina. Binuksan niya ang pinto at nanggigitatang kubeta ang kanyang natunghayan.

“Ay, ang mga hugasin ko pala!”

Patay! Dumating na si Mang Kanor. Sa tunog ng yapak nito ay parang papunta na ang lalaki sa kusina. Hala, hindi siya dapat makita rito ng lalaki. Mabilis siyang pumasok sa kubeta. Sana hindi doon pumasok ang may-ari. Ano naman ang irarason niya kung magkataon?

Narinig ni Patty ang pagtulo ng tubig at ang pagpipingian ng mga pinggan sa labas ng banyo. Napatitig siya sa butas kung saan nagtatagpo ang kisame at ang nangingitim na dingding ng kubeta. Doon ay may umaapaw na liwanag na kakulay ng liwanag na naaalala niyang binubuga ng kandelabra sa opisina ni Marciel. Umapak siya sa inidoro at idiniin ang mga palad sa dingding para mabalanse ang sarili. Itinaas niya ang mga sakong at pinilit na abutin ng mata niya ang butas. Ang kandelabra ang una niyang nakita. Lalo niya pang itinaas ang pagtiyad at doon niya nakita si Marciel na nakaupo sa mesa nito at may kausap na dalawang lalaking may kulay ang mga buhok. Ang may puting buhok ay nakaupo sa couch habang ang may pulang buhok ay nakatayo sa gilid ng mesa at nakahalukipki habang nakikipag-usap kay Marciel. Hindi niya maintindihan ang pinag-uusapan ng

mga ito dahil parang kakaibang lenggwahe, parang German o Rhaeto-Romance. Basta mababa na parang karamihan ay natatapos sa salitang 'bursch' at 'mwyer.'

At natapos ang paghuhugas ni Mang Kanor ng pinggan. Naringgan ni Patty ang yabag nito palabas ng kusina. Dahan-dahan siyang bumaba ng inidoro. Babalik na lang siya doon sa ibang araw dahil baka matuklasan siya ni Mang Kanor at ipapulis siya. Isa pa, may mga kausap si Marciel kaya nakakahiya namang mang-istorbo.

Pagsilip niya sa pintuan ay nakita niyang nakatutok na si Mang Kanor sa computer nito. Mabilis siyang tumakbo palabas ng *Balugdani* para hindi makita ng may-ari. Nang makalabas ay pumasok siya sa katabing tindahan na isa ring printing house. Paano nangyari iyon? Saan naman nakasuot ang opisina ni Marciel gayong isang pader lang ang pagitan ng mga tindahan?

Hala, minamaligno yata ang lugar na ito! Pero hayaan na niya dahil totoong pera naman ang inabot ng lalaki noong nagmeryenda sila sa *Ma Mon Luk*. Ni alien man iyon o engkanto, kung may maibibigay namang trabaho ay kakagatin na ni Patty. Kailangan niya talagang tulongan ang sarili.

Umuwi na lang siya para makapagpahinga na rin. Pagdating niya sa kanilang boarding house ay may nakita siyang napakagandang asong Bichon Frise na nakatayo sa harapan ng pinto.

"Hala, ang gandang aso! Sino ang may-ari sa 'yo?'"

Tumahol ito sabay abot ng kamay sa kanya.

Dinampot niya ito at inilagay sa kanyang braso. Ito na yata ang pinakamagandang aso na nakita niya. Ang linis at ang lambot ng sobrang puting balahibo na kulot sa katawan pero straight at mahaba sa buntot. At masarap

pa ang amoy, iyong parang kakabukas na package galing abroad. Lumingon-lingon siya at baka may naghahanap na may-ari. Ngunit dalawa lang na tao ang nasa labas ng eskinita nila. Isang lalaking naggigitara at papalayong matandang babae.

“Saan ka galing?” tanong ni Patty sa hayop.

Siniksik ng aso ang sarili nito sa kanyang dibdib.

Tiningnan niya ang kasarian ng aso sa ilalim ng bombilya... babae.

Naghintay siya ng isang oras sa labas. Nang walang lumapit para maghanap ay pumasok siya sa loob para ipakita sa landlady ang aso.

“Kay gandang aso naman niyan!” sabi ng gurong si Mrs. Sanchez.

“Tita, habang wala pang may-ari na naghahanap, puwedeng doon muna sa kuwarto ko?” sabi niya. “Hiramín ko na lang po ‘yung kulungan ng hamster ng anak n’yo para po hindi makaihi at maka-poo poo sa sahig. Lilinisín ko po palagi para hindi mabaho.”

“Okay,” sagot ng mabait na ginang. “Baka nga hinahanap na ng may-ari ‘yan. Mukhang mamahaling lahi pa naman.”

“Salamat po,” sabi ni Patty sabay punta sa likuran para kunin doon ang kulungan ng hamster ni Jenny. Namatay na nga kasi ang alaga nito kaya tinapon na lang ang kulungan. Inakyat niya sa kuwarto ang kulungan, pero imbis na ipasok doon ang aso ay nilaro niya ito sa kanyang kama.

“Ang gandang aso, ah!” komento ng kababata niyang si Maritess na kahati niya sa kuwarto. “Puwede ba ‘yang mapalahian sa askal namin?”

Tumawa siya at kiniliti ang aso. Mukhang nasarapan

naman ang alaga dahil napapa-awoo ito.

Napatawa silang dalawa sa tunog na ginawa ng aso dahil parang ang sagwa niyon.

Nang matutulong na si Patty, inilagay niya sa kulungan ang aso, ngunit nang nasa loob na ay nagbigay ito ng nagmamakaawang tingin sa kanya.

“Ayyyy, wawa naman!” sabi ni Patty sabay dampot dito.

Dinala niya muna ito sa CR para mapaihi bago ibinalik sa kuwarta niya at pinatabi ng tulog sa sarili. Nakatulog nga siya habang hinahaplos-haplos ang balahibo nito at kinikiliti ang tainga.

Napaginipan niyang nandoon siya muli sa kubeta ni Mang Kanor. Abala siya sa pakikinig sa usapan ni Marciel at ng mga kasamahan nito nang may inaagnas na kamay na lumabas mula sa inidoro para hilahin mga paa niya papasok ng butas.

Napabalikwas siya ng gising. Pasalamat lang niya na nasa kabilang highaan si Maritess. Kung nag-iisa siya ay baka napasigaw siya sa nerbyos.

Naalala niya ang aso. Kinapkap niya ang gilid at baka namatay na dahil nadaganan niya. Wala sa tabi niya at wala sa loob ng kuwarta. Napatayo si Patty para hanapin ito at baka mapunta sa kuwarta ng landlady at mang-istorbo. Lumabas siya ng kuwarta at bumaba ng hagdanan. Napatigil siya sa pagbaba dahil parang may nakita siyang tao na nakaupo sa madilim na sala.

“Mang Juan, kayo ba ‘yan?” tanong niya dahil minsan kasi napapabisita ang kapatid ng kanilang landlady.

Walang sagot.

Inabot niya ang ilaw. Wala namang tao. Sa sofa ay nandoon nakaupo ang aso. “Bakit ka bumaba?” tanong niya rito sabay dampot para madala sa kanyang kuwarta.

Pinilit niyang matulog at mabuti naman at hindi na siya ulit binisita ng masamang panaginip.

Kinaumagahan, nakita ni Jenny, anak ng landlady, ang aso at pinangalanan nito ang aso na Krang-Krang. Hinintay nga nilang may maghanap na may-ari, ngunit wala. Ni-report nila iyon sa barangay, pero habang wala pang umaako ay sa kanila muna raw iyon. Si Jenny ang nag-aalaga kapag umaga at siya naman kapag gabi.

Sa tuktok ng RCBC building sa Ayala, nakita ni Marciel si Aragum DCVVXX. Doon siya nito hinintay nang pinasabi niya sa kasamahan nila na dadaan siya ng Makati. Kayumanggi ang kulay nito at mukhang Asyano sa itim na buhok at mata, pero mas matangkad pa kaysa sa kanya.

“Naligaw ka, ah. Parang matagal-tagal ding hindi ka nakalabas sa lungga mo,” sabi ni Aragum.

“Pumunta ako sa post office noong isang araw. May pinadala lang ako sa Portugal na mga papeles. Nang nandoon ako, may naramdaman akong kakaibang enerhiya. Hindi simpleng enerhiya ng tao, sobrang lakas niya na sigurado akong isang anghel lang galing langit o isang demonyo ang makakadala. Nahihiwagaan ako kung ano ang pakay n'on dito.”

“Mukhang wala pa palang nagbalita sa 'yo. May nagpalaya raw kay Salazatter V. Nakita siya minsan sa Tel Aviv.”

“Si Salazatter V?” Paano ba niya makakalimutan ang pinakamabagsik na nilalang na nasagupa niya sa buong panahon na pamamalagi niya sa lupa? Isa itong anghel ng langit, isang Cherubim na sumama kay Satanas na umaklas kaya hinulog at naging demonyo. Sa isang patag malapit sa Ilog ng Jordan ito namalagi noon. Doon,

tinuruan nito ang mga tao ng teknolohiya, agrikultura at komersiyo kaya umusbong ang patag sa limang kaharian ng Sodoma, Gomora, Bela, Zebhoim, Admah. Isang araw, nakatanggap ng papel si Marciel mula sa langit na pinapabura ang buong patag dahil sobrang makasalanan niyon. Si Salazatter ay gustong protektahan ang pentapolis, ginapos siya nito at kinaladkad sa Ilog Gihon. Doon sila nagpatayan.

Hindi nga siya makapaniwalang natalo niya ang Cherubim. Nabuwisit kasi siya dahil parang kung sinong manglait dahil anghel lang siya ng kamatayan. Kinantahan niya ng orasyon ng kamatayan ng espiritu at humina ito kaya nakulong niya sa tansong kahon.

“Mag-ingat ka, Marciel, dahil kung gan’on kalakas ang enerhiya, posibleng si Salazatter nga ‘yon at alam naman nating wala nang ibang hahangarin ‘yon kundi ang matapos ka.”

Hindi siya natatakot.

“Sa totoo lang, Pare, hindi nga ako makapaniwala na nabura mo nga talaga ang patag na ‘yon,” patuloy ni Aragam. “Ang alam ko ay may dumating pang tatlong demonyo noon para protektahan ang pentapolis. Mga magigiting na heneral daw ang mga ‘yon, mga dating Ophanim sa ikalimang langit.”

Kibit-balikat ang sagot ni Marciel. Ang alam niya lang noon ay may hawak siyang papel galing langit na pinapabura ang patag. May pagpipilian ba siya? Lahat naman ng bagay sa kalawakan ay ginawa para sa isang rason at siya ay ginawa ng Maykapal para maging si Kamatayan. Sino siya para pumili?

“Ano’ng plano mo?” tanong ni Aragam.

“Hahanapin ko siya. Kung si Salazatter nga ‘yon ay

baka gumanti at burahin din ang buong Pilipinas. Alam mo naman ang mga anghel ng langit, parang mga diyos din ang mga ‘yan.”

Napatawa si Aragum. “Oo nga, parang sa diyos din ang ego ng mga ‘yan. Lalo na ang prinsipse.”

Napangiti siya. “Oy, baka marinig ka at bigla ka na lang lamunin ng lupa.”

Napatawa nang malakas si Aragum. Minsan kasi kung nagkikita-kita sila, ang ibang mga anghel ang pinaguusapan nila. Paborito nilang pag-usapan ang tungkol sa langit, ang pitong palapag nito at ang iba’t ibang uri ng mga anghel na nandoon, pati na rin ang mga nahulog na naging demonyo at ang away ni Satanas at ng diyos.

“Aalis na ako. Marami pa akong tatapusin,” paalam niya sa kasamahan nang maalala ang naiwang trabaho sa opisina. Yumuko siya bago tumakbo para makatalon sa kabilang gusali.

Tumalun-talon si Marciel hanggang sa magbagong-anyo para maging isang uwak at makalipad sa alapaap. Lumipad siya hanggang sa makita ang pamilyar na Recto. Bumaba siya sa *Balugdani Printing Press and Services* at pumasok sa kanilang opisina.

Dumerecho nga siya agad ng upo at binuksan ang libro na tinatapos niya. Walang katapusan itong listahan ng patay dahil walang katapusan din na nagkakamatayan ang mga tao. Hintayin siguro ang mga lima o anim na milenyo at baka matapos din ang lahat at ibang uri namang nilalang ang mananahan dito sa mundo. Sa ngayon, tao ang nagmamay-ari ng lupa.